

Modyul 12 Magkaiba man ng Lahi



Tungkol saan ang modyul na ito?

Mahal kong estudyante, naranasan mo na bang tumanggap ng tulong mula sa isang dayuhan na ang relihiyon ay kontra sa sarili mong paniniwala? Ano kaya ang maging reaksiyon mo kung ang buhay mo'y mailigtas ng isang taong kalaban mo sa relihiyon at pulitika?

Tuklasin mo ang naramdaman ng isang makisig na baguntao, o kabataang lalaki, nang mangyari ito sa kanya.

Pag-aaralan mo sa modyul na ito ang ikalawang bahagi ng ***Florante at Laura***, ang itinuturing na pinakapopular na ***awit***. Ano bang awit ito? Hindi ito iyong inihuhuni mo ang tono o kinakanta kaya. Pero tama ka, kinakanta rin ang awit na tinutukoy rito.

Ang awit ay mahabang tulang pasalaysay tungkol sa pakikipagsapalaran at kabayanihan na ang karaniwang mga tauhan ay mga prinsipe't prinsesa at mga mahal na tao. Ngunit di tulad ng ***koridong Ibong Adarna***, na pinag-aralan mo nang Unang Taon ng Mataas na Paaralan, ang pakikipagsapalaran ng bayani sa isang awit ay maaaring maganap sa tunay na buhay.



Ano ang matututunan mo?

Ang pangalawang bahagi ng ***Florante at Laura*** ang magiging daluyan ng mga kasanayang inaasahang matatamo sa modyul na ito.

Inaasahang matututuhan mo sa modyul na ito na mapahalagahan ang akdang pampanitikan batay sa mga dati nang kaalaman. Narito ang mga tiyak na kasanayang inaasahang matatamo sa modyul:

1. Nasusuri ang mga tiyak na bahagi ng awit sa pamamagitan ng:
 - Pag-uugnay ng mga pangyayari sa aktwal na karanasan at sa mga karanasan ng iba
 - Pagbibigay ng opinyon sa mga kaisipang inilahad
 - Pagbibigay-solusyon sa mga suliraning inilahad

2. Naiuugnay ang akda sa mga tiyak na karanasan ng sumulat
3. Nakabubuo ng lagom ng bahaging binasa sa tulong ng mga kaugnay na karanasan

Mahirap ba? Hindi. Kayang-kaya mo basta't hakbang-hakbang mong susundan ang bawat bahagi ng modyul.



Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Tulad ng sinabi ko sa iyo, kaibigan, maraming ihahandog na mga bagong kaalaman sa iyo ang modyul na ito. Magiging madali at matagumpay ang paggamit mo nito kung susundin mo ang mga tuntunin sa ibaba na magsisilbing gabay mo sa iyong pag-aaral. Basahin mo ang mga ito at unawaing mabuti.

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong dudumihan at susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutan/sulatang papel para sa pagsagot mo sa mga pagsusulit.
2. Sagutin mo at huwag lalaktawan ang *Panimulang Pagsusulit*. Ito ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.
3. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sagot. Maging matapat ka lamang sa pagwawasto, ha? Huwag kang mag-aalala kung mababa ang markang nakuha mo. May inihanda akong mga gawain at iba pang pagsasanay na tiyak na makatutulong sa iyo.
4. Basahin at unawain mong mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito upang maging madali sa iyo ang pagsagot sa mga gawain.
5. Sagutin mo agad ang *Pangwakas na Pagsusulit* upang matiyak mo kung natutuhan mo ang aralin. Kunin mong muli ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Muli, maging matapat ka sa pagwawasto.
6. Bigyang halaga mo sana ang modyul na ito, kaibigan. Sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap kong matulungan kang matuto.



Ano na ba ang alam mo?

Nakabasa ka na ba ng tungkol sa *Florante at Laura*? Nasa ibaba ang ilang tanong para mataya kung ano na ang alam mo sa ngayon kaugnay ng nilalaman ng modyul na ito. Isulat ang mga sagot sa iyong sagutang papel.

A. Isulat ang **T** kung *tama* ang pangungusap at **M** naman kung *mali*.

1. Ang *awit* ay maikling tulang pasalaysay.
2. Ang *awit* ay inaawit sa mga tanging pagtitipon ng mga mahal na tao noong panahon ng pananakop ng mga Kastila.
3. Ang mga pakikipagsapalaran ng bayani sa isang awit ay pawang kababalaghan lamang at di maaaring maganap sa tunay na buhay.
4. Ang awit ay may sukat na 14 pantig sa bawat taludtod.
5. Sinasabi na ang *Florante at Laura* ay sinulat ni Francisco ‘Balagtas’ Baltazar sa labas ng bilangguan.
6. Nabilanggo siya sa maling bintang ng kanyang karibal sa pag-ibig.
7. Ang mga pangunahing tauhan sa *Florante at Laura* ay di mga Pilipino.
8. Noong panahon ng pananakop ng mga Kastila, ang mga mamamayan ay may karapatang magsalita lalo na’t kontra sa mga Kastila.
9. Ang gererong Moro sa akdang ito ay mula sa Persiya.
10. Siya ang nagligtas kay Florante laban sa dalawang leon.
11. Ang mga pangyayaring isinalaysay ni Balagtas sa kanyang awit ay di na maiuugnay sa kasalukuyang panahon.
12. Ang pagsikil sa mga karapatan na inilarawan ni Balagtas sa kanyang awit ay maaaring personal na naranasan ng makata.
13. Ang *opinyon* ay iyong iniisip o pinaniniwalaan ng isang tao tungkol sa alin mang bagay.
14. Bawat isa’y may karapatang magbuo at magbigay ng opinyon.
15. Kung magkasalungat kayo ng opinyon ng kaibigan mo, dapat kayong maging magkaaway.

B. Punan ang mga patlang. Isulat sa sagutang papel ang letra lamang ng sagot mo.

1. Ang tawag ng mga Kastila noon sa sino mang di Kristiyano ay _____.
a. Muslim b. Buddhista c. Moro
2. Sa taludtod na nagsasabing “sampong mag-aama’y iyong nasasaklaw,” ang pariralang may salungguhit ay nangangahulugang _____.
a. 10 pares ng mag-aama b. pati mag-aama c. 5 ama at 5 anak
3. Sa taludtod na “bababa si Marte mula sa itaas,” ang tinutukoy na Marte ay _____.
a. planetang Marte b. diyos ng digma ng mga Romano
c. isa sa mga tauhan sa ***Florante at Laura***
4. Ang ama ng baguntaong nakagapos ay pinatay sa pamamagitan ng _____.
a. pagpugot sa ulo b. pagputol sa paa’t kamay c. Pagbigti
5. Ang baguntaong nakagapos ay gusto sanang silain ng dalawang _____.
a. sawa b. tigre c. leon
6. Ang ama ng baguntao ay tinawag na “mapagkandiling amang iniibig.” Ang mapagkandili ay nangangahulugang _____.
a. mapag-alaga b. mapagtiis c. mapagsuspetsa
7. Walang mangahas maglibing ng bangkay ng ama ng baguntao dahil sila’y _____.
a. natatakot b. nandidiri c. nagtatago
8. Ang gererong Moro ay hindi binyagan. Ang pariralang may salungguhit ay nangangahulugang _____.
a. hindi Kristiyano b. hindi Muslim d. hindi Buddhista
9. Ang nagligtas sa baguntao laban sa 2 leon ay _____.
a. gerero b. panalangin c. ama
10. Ang gerero at ang baguntao ay magkalaban sa _____.
a. relihiyon b. debate c. pag-ibig
11. Ang pangalan ng baguntao ay _____.
a. Aladin b. Laura c. Florante
12. Si Florante ay ipinadala ng ama upang mag-aral sa _____.
a. Sparta b. Atenas c. Persiya
13. Ang ina ni Florante ay taga-Crotona ngunit ang baguntao ay isinilang at lumaki sa bayan ng kanyang ama, sa _____.
a. Albanya b. Atenas c. Persiya

14. Ang pangalan ng babaeng mahal ng gererong Moro ay _____
a. Laura b. Britta c. Flerida

15. Ang hari ng Albanya ay si _____
a. Haring Linceo b. Haring Briseo b. Haring Adolfo

C. Sa unang bahagi ng *Florante at Laura* ay inilahad ang maling pamamahala sa bayang Albanya at ang pagsikil sa karapatan sa pagsasalita. Ang mga saknong sa ibaba ay nagpapakita naman ng paniniwala ng makata hinggil sa (a) relihiyon at (b) pagpapalaki ng mga anak. Alin sa mga saknong sa ibaba ang nagsasaad ng (a) (relihiyon) at alin ang nagsasaad ng (b) (pagpapalaki ng anak)? Isulat sa sagutang papel ang letra lamang ng sagot mo.

(1) “Ipinahahayag ng pananamit mo,
taga-Albanya ka at ako’y Pers’yano;
ikaw ay kaaway ng baya’t sekta ko
sa lagay mo ngayo’y magkatoto tayo. (S149)

(2) “Moro ako’y lubos na taong may dibdib,
at nasasaklaw rin ng utos ng Langit
dini sa puso ko’y kusang natititik,
natural na leing sa aba’y mahapis.” (S150)

(3) Ang laki sa layaw karaniwa’y hubad
sa bait at muni’t sa hatol ay salat;
masaklap na bunga ng maling paglingap,
habag ng magulang sa irog na anak. (S202)

(4) Sa taguring bunso’t likong pagmamahal
ang isinasama ng bata’y nunukal,
ang iba’y marahil sa kapabayaang
ng dapat magturong tamad na magulang. (S203)

D. Iugnay ang mga sitwasyon sa mga saknong. Isulat ang mga letra lamang ng iyong mga sagot.

Mga sitwasyon:

(a) Para kay Arlene, walang makakapantay sa pag-aalaga sa kanya ang kanyang ama. Kapag nalulungkot siya, nalulungkot din ito.

(b) Isang napakabait na estudyante si Rey. Ngunit maraming naiinggit sa kanya kaya siya pa ang laging pinagbubuntunan ng panunukso at pang-aapi ng mga kaklase.

(c) Tiniis ng mga magulang ni Vir na mapalayo ang kanilang anak. Ipinadala nila ito sa Maynila dahil naroon ang mga kagamitang kailangan nito sa pagpapakadalubhasa.

(d) Mabuting kaibigan si Ram. Lahat ng mabuti ang gusto niya para sa mga kabarkada. Kaya, ang laki ng pagkabigla niya nang malamang kapag nakatalikod pala siya ay pinagpaplanuhan siya ng masama ng mga kaibigan.

(e) Nilimot na si Lloyd ng girlfriend niya at lumipat na ito ng paaralan. Ngunit patuloy niya itong minamahal. Pangako niya'y mamahalin niya ito hanggang kamatayan.

(f) Spoiled si Brad sa mga magulang. Hindi siya tinuruang mag-isip at magpasya para sa sarili. Dahil sa labis na pagpapasunod sa kanya, naging palaasa siya sa mga magulang kahit sa pinakasimpleng bagay lamang.

Mga saknong:

- (1) “Ang lahat ng ito’y kay amang talastas,
kaya nga ang luha ni ina’y hinamak,
at ipinadala ako sa Atenas,
bulag na isip ko’y nang doon mamulat.(S204)
- (2) “Pagkabata ko na’y walang inadhika
kundi paglilingkod sa iyo’t kalinga,
di makailan kang babal-ing masira,
ang mga kamay ko’y siyang tumimawa. (S117)
- (3) “At alin ang hirap na di ikakapit
sa iyo ng Konde Adolfong malupit?
ikaw ang salamin sa reyno ng bait,
pagbubuntuhan ka ng malaking galit. (S88)
- (4) “Walang ikalawang ama ka sa lupa,
sa anak na kandong ng pag-aaruga,
ang munting hapis kong sumungaw sa mukha
sa habag mo’y agad nanalong ang luha.(S96)
- (5) “Ang laki sa layaw karaniwa’y hubad
sa bait at muni’t sa hatol ay salat;
masaklap na bunga ng maling paglingap,
habag ng magulang sa irog na anak. (S202)

E. Pumili lamang ng 5 pangungusap upang makagawa ng lagom ng mga pangyayari sa ***Florante at Laura***. Mga bilang ng pangungusap lamang ang isusulat mo sa sagutang papel.

1. Dumating sa gubat ang isang gererong Moro na bayani ang tikas.
2. May turbante siya at makikita sa pananamit na taga-Persiya.
3. May hawak siyang pika at adarga.
4. Tumanaw-tanaw siya sa paligid bago pinagdaop ang mga palad.
5. Nakarinig siya ng buntunghininga kaya hinanap niya ang pinanggalingan nito.
6. Dalawang leon ang nakita niyang handang silain ang isang baguntaong nakagapos.

7. Naakay ng gutom at gawang manila ang dalawang leon.
8. Pinapangalisag ng mga ito ang balahibo at pinanindig ang mga buntot.
7. Ang baguntaong nakagapos ay may makinis na kutis at kulay-gintong buhok.
8. Nailigtas ng gerero ang baguntao nang mapatay ng una ang dalawang leon.
9. Parang si Marte ang gerero nang usigin ng taga ang dalawang leon.
10. Pinatid ng gerero ang lubid na nakagapos sa baguntao.
11. Nawalan ng malay ang baguntao at nang magmulat ng mata ay nabigla nang makilalang Moro ang tumulong sa kanya.
12. May dugong bumubukal sa bisig ng baguntao kung saan nakagapos ang lubid.

Mahal kong estudyante, kung tapos mo nang sagutan ito, kunin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto nang maayos at tapat ang iyong papel. Ano ang nakuha mong marka? Kung nakakuha ka ng **44** pataas, di mo na kailangang pag-aralan ang modyul na ito. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.

Pero kung wala pang **44** ang nasagutan mo nang tama, kailangan mo ang modyul na ito.

Mga Gawain sa Pagkatuto

Sub-Aralin 1

Pagbibigay ng Opinyon at Pag-uugnay ng mga Pangyayari

Layunin: Pagkatapos mo ng sub-araling ito, inaasahang maisasagawa mo ito:

1. Nasusuri ang mga tiyak na bahagi ng awit sa pamamagitan ng:
 - Pag-uugnay ng mga pangyayari sa aktwal na karanasan at sa mga karanasan ng iba
 - Pagbibigay ng opinyon sa mga kaisipang inilahad
 - Pagbibigay-solusyon sa mga suliraning inilahad
2. Naiuugnay ang akda sa mga tiyak na karanasan ng sumulat

Alamin

Ito ang ikalawang bahagi ng awit na pinamagatang *Florante at Laura*. Bago mo basahin ang mga piling saknong, narito muna ang buod ng unang bahagi.

Ang tagpuan ay isang madilim, mapanglaw at madawag na gubat. Nakagapos sa puno ang isang baguntao. Guwapo ito, makinis ang balat at kulay-ginto ang buhok. Naghihinagpis ang baguntao dahil sa paghahari ng kasamaan ni Adolfo at dahil natatakot siyang baka naagaw na nito ang pagmamahal ng kasintahang si Laura

Narito naman ang buod ng pangalawang bahagi.

Dumating sa gubat ang isang gererong Moro. Iniligtas nito sa dalawang leon ang baguntaong nakagapos sa puno. Nagsalaysay ang baguntao. Siya'y si Florante, anak ni Duke Briseo na pribadong tanungan ni Haring Linseo ng Albanya. Masaya ang kanyang kamusmusan hanggang ipadala siya sa Atenas upang mag-aral.

Basahin mong malakas ang mga saknong sa ibaba. Subukin mong lapatan ng mabagal na tono. Kasi'y ganito talaga ang pagsalaysay ng awit – kinakanta ito sa mga tanging pagtitipon ng mga mahal na tao noong panahon ng pananakop ng mga Kastila.

- 69 Nagkataong siyang pagdating sa gubat
ng isang gererong bayani ang tikas,
putong na turbante ay kalingas-lingas,
pananamit Moro sa *Persiyang*¹ s'yudad.

Alam mo ba kung ano ang *Moro*? Ito ang tawag noon ng mga Kastila sa sino mang di Kristiyano.

- 70 Pinigil ang lakad at nagtanaw-tanaw,
anaki'y ninita ng pagpahingahan,
di kaginsa-ginsa'y ipinagtapunan,
ang *pika*'² *adarga*'³ nagdaop ng kamay.

- 71 Saka tumingala't mata'y itinirik
sa bubong ng kahoy na takip sa langit,
estatuwa manding nakatayo't umid,
ang buntunghininga niya'y walang patid.

¹ *Persya o Persia* – Isang kahariang malaki sa isang dako ng Asya na nasa ilalim ng kapangyarihan ng mga Muslim.

² *Pika* - sibat

³ *Adarga* – Kalasag o pananggalang na bilog na balat.

Malaki ang problema ng gerero. Ano kaya ito?

- 72 Nang magdamdam-ngawit sa pagayong anyo,
sa puno ng isang kahoy ay umupo,
nagwikang “O palad” sabay ang pagtulo
sa mata ng luhang anaki’y palaso.

Gererong lumuluha? Oo, iyan nga ang isinasaad sa T3-4. Malakas ang patak ng luha, di ba?
Saan ito inihambing? Sa palaso, di ba?

- 74 Malao’y humilig, nagwalang-bahala,
di rin kumakati ang batis ng luha,
sa madlang himutok ay kasalamuha
ang wikang “Flerida’y tapos na ang tuwa!”
- 75 Sa balang sandali ay sinasabugan
yaong buong gubat ng maraming Ay! Ay!
na nakikitono sa himig mapanglaw
ng *panggabing ibong*⁴ doo’y nagtatahan.
- 76 Mapamaya-maya’y nagbangong nagulat
tinangnan ang pika’t sampu ng kalasag
nalimbag sa mukha ang bangis ng *Furias*⁵
“Di ko itutulot,” ang ipinahayag.

Ano ang inilalarawan ng S76 T3 na inihambing sa *Furias*? Tiningnan mo ba ang kahulugan ng
Furias sa talababa? Oo, matinding galit ang mababakas sa mukha ng gerero. Bakit kaya?

- 77 “At kung kay Flerida’y iba ang umagaw
at di ang ama kong dapat na igalang,
hindi ko masabi kung ang pikang tanga’y
bubuga ng libo’t laksang kamatayan.

Kaya pala siya nagagalit ay dahil ang sarili niyang ama ang umagaw kay Flerida. Aling mga
taludtod ang nagsasaad nito? Tama ka, T1-2. Magalit ka rin kaya kung sa iyo mangyari ito?

⁴ *Panggabing ibon* – Mga ibong malalabo ang mga mata kung araw, kagaya ng tiktik, kuwago, bahaw, paniki, atbp.

⁵ *Furias* – Ayon sa makatang Romanong si Virgil, ang mga *Furias* ay mga diyosa sa Impiyerno at binubuo ng tatlong babae: sina Megaera, Tisiphone, at Alecto; ang buhok ng mga ito ay parang serpiyente; Kung may ibig silang pagaliting sinuman, bubunot sila ng isang buhok at ipapasok iyon sa dibdib ng taong pinagagalit nang hindi namamalayan; ang tao namang iyon ay pagdidiliman agad ng paningin sa matinding galit at sasagasa na sa panganib. Ayon naman sa pilosopong Griyegong si Heraclitus, ang mga *Furias* ay mga diyosa ng katarungan na kaya itinalaga sa impiyerno ay upang sila ang magparusa sa mga makasalanan sa lupa.

Gaano katindi kayang magalit ang gerero? Basahin sa susunod na saknong.

78 “Bababa si *Marte*⁶ mula sa itaas
at sa kalalima’y aahon ang *Parcas*⁷,
buong galit nila ay ibubulalas,
yayakagin niring kamay kong marahas.

Binasa mo ba ang mga talababa tungkol sa *Marte* at *Parcas*? Tingnan mo para makita mo kung gaano katinding magalit ang gerero.

80 “O pagsintang labis ng kapangyarihan
sampung mag-aama’y iyong nasasaklaw!
Pag ikaw ang nasok sa puso ninuman
hahamaking lahat masunod ka lamang.

Ang *sampon* ay matandang salita na nangangahulugang “pati,” “kabilang.” Kaya hindi sampung (10) pares ng mag-ama ang tinutukoy sa S80 T2, kundi “pati mag-aama.”

81 “At yuyurakan na ang lalong dakila;
bait, katuwira’y ipanganganyaya,
buong katungkula’y wawal-ing bahala,
sampon ng hininga’y ipauubaya.”

Totoo kaya ito? Na sa ngalan ng pag-ibig, pati mag-aama’y mag-aaway, at pati buhay ay iaalay? Ano sa palagay mo?

Waring sagot sa sinabi ng gerero tungkol sa kanyang ama, nakarinig ito ng buntunghininga. Hinanap niya ang pinanggagalingan nito.

86 Inabutan niya’y ang ganitong hibik:
“Ay, mapagkandiling amang iniibig!
Bakit ang buhay mo’y naunang napatid,
ako’y inulila sa gitna ng sakit?”

Masasabi bang kabaligtaran ng ama ng gerero ang amang inilarawan sa S86? Oo, tama ka, kabaligtaran nga. Anong pang-uri ang ginamit para sa amang ito? Di ba “mapagkandili”? Mapagmahal at mapag-alaga ang ibig sabihin nito.

⁶ *Marte* – Siya ang diyos ng pagbabaka ng mga Romano na pinangalanan namang Ares ng mga Griyego. Noong una’y siya ang kinikilalang diyos ng pagsasaka na sinasamba kung tagsibol at inaalayan ng mga unang bunga ng mga punungkahoy. Nang siya’y kilanlin nang diyos ng digma ay nalimutan na ang kanyang pagiging diyos ng pagsasaka.

⁷ *Parcas* – Ang mga ito naman ang mga diyosa ng kapalaran, at sila’y tatlo rin: si *Clotho*, ang humahabi ng sinulid ng buhay; si *Lachesis*, ang nagtalaga sa tao ng magiging palad nito; at si *Atropos*, ang pumapatid sa sinulid ng buhay.

- 87 “Kung sa gunita ko’y pagkuru-kuruin
ang pagkahulog mo sa kamay ng taksil,
parang nakikita ang iyong narating,
parusang marahas na kalagim-lagim.
- 88 “At alin ang hirap na di ikakapit
sa iyo ng Konde Adolfong malupit?
ikaw ang salamin sa reyno ng bait,
pagbubuntuhan ka ng malaking galit.

Sino ang nananaghoy na ito? Nahulaan mo ba? Tama, ang baguntaong nakagapos sa unang bahagi ng *Florante at Laura*. Ano ang nangyari sa kanyang ama? Patay na siya, di ba? Anong mga taludtod ang nagsasaad nito? Balikan mo ang S86 T3-4. Dalawang salita ang nagsasaad na patay na ang ama ng nagsasalita. Anong mga salita ito? Tama, *napatid at inulila*.

- 89 “Katawan mo ama’y parang namamalas
ngayon ng bunso mong lugami sa hirap,
pinipisang-pisang at iniwawalat
ng pawa ring lilo’t berdugo ng sukab.
- 90 “Ang nagkahiwalay na laman mo’t buto,
kamay at katawang nalayo sa ulo
ipinaghagisan niyong mga lilo
at walang maawang maglibing na tao.

Paano namatay ang ama ng nananaghoy? Pinatay, di ba? Inilalarawan sa S89-90 ang malupit na kamatayang sinapit niya. Pinugutan siya ng ulo kaya ang kamay at katawa’y “nalayo sa ulo,” gaya ng nakasaad sa S90 T2. Nilayuan ng mga lingkod at kaibigan, walang maglibing ng kanyang bangkay.

- 91 “Sampon ng lingkod mo’t mga kaibigan,
kung kampi sa lilo’y iyo nang kaaway,
ang di nagsiayo’y natatakot namang
bangkay mo’y ibao’t mapaparusahan.
- 92 “Hanggang dito, ama’y aking naririnig
nang ang iyong ulo’y itapat sa kalis,
ang panambitan mo’t dalangin sa langit,
na ako’y maligtas sa hukbong malupit.

Alin pang taludtod ang nagsasaad na pinugutan ng ulo ang ama ng nananaghoy? Tama, S92 T2 – “nang ang iyong ulo’y itapat sa kalis.”

- 96 “Walang ikalawang ama ka sa lupa,
sa anak na kandong ng pag-aaruga,
ang munting hapis kong sumungaw sa mukha
sa habag mo’y agad nanalong ang luha.

Napakabuting ama ang inilalarawan dito. Anong klaseng ama naman mayroon ang gerero? Sa narinig ay ito ang reaksiyon ng gerero.

- 99 Tinutop ang puso at saka nagsaysay;
“Kailan,” aniya, “luha ko’y bubukal
ng habag kay Ama at panghihinayang
para ng panaghoy ng nananambitan?

- 100 “Sa sintang inagaw ang itinatangis
dahilan ng aking luhang nagbabatis;
yao’y nananaghoy dahil sa pag-ibig,
sa amang namatay na mapagtangkilik.

Dalawang lalaking kapwa lumuluha dahil sa ama. Ngunit sa dalawang magkaibang dahilan.

- 102 “Ngunit ang nanahang maralitang tubig
sa mukha’t dibdib ko’y laging dumidilig,
kay Ama nga galing dapuwa’t sa bangis,
hindi sa andukha at pagtatangkilik.

- 103 “Ang matatawag kong palayaw sa akin
ng Ama ko’y itong ako’y pagliluhin,
agawan ng sinta’t panasa-nasaing
lumubog sa dusa’t buhay ko’y makitil.

Ano ang ginawa ng ama ng gerero sa mismong anak niya? Di ba inagawan niya ito ng kasintahan at siya pang nag-isip ng kamatayan para sa sariling anak? May kilala ka bang ganitong klaseng ama?

- 104 “May para kong anak na napanganyaya,
ang layaw sa ama’y dusa’t pawang luha,
hindi nakalaspahit kahit munting tuwa
sa masintang inang pagdaka’y nawala!”

Ulila sa ina ang gerero, di ba? Hindi niya nakilala ang pagmamahal ng isang ina. Anong mga taludtod ang nagsasaad nito? Tama, T3-4.

- 105 Napahinto rito’t narinig na muli
ang panambitan niyong natatali,
na ang wika’y—“Laurang aliw niring budhi,
paalam ang abang kandong ng pighati!

- 106 “Lumagi ka nawa sa kaligayahan,
sa harap ng di mo *esposong*⁸ katipan,
at huwag mong datnin yaring kinaratnan,
ng kasing nilimot at pinagliluhan.
- 107 “Kung nagbangis ka ma’t nagsukab sa akin,
mahal ka ring lubha dini sa panimdim,
at kung mangyayari hanggang sa malibing
ang mga buto ko, kita’y sisintahin.”
- 108 Di pa natatapos itong pangungusap,
may dalawang leong hangos ng paglakad
siya’y tinutungo’t pagsil-in ang hangad,
ngunit nangatigil pagdating sa harap.

Ano ang biglang dumating sa harap ng nakagapos? Dalawang leon! Gustong silain ang nakagapos na walang kalaban-laban. Sa harap ng nakaambang kamatayan, ano ang ginawa ng nakagapos? Dahil saglit na tumigil ang mga leon na parang naawa sa nakagapos, ito ay nagkapanahon pang bumigkas ng pamamaalam.

- 114 “Paalam, Albanyang pinamamayanan
ng kasam-a’t lupit, bangis, kaliluhan;
akong tanggulan mo’y kusa mang pinatay,
sa iyo’y malaki ang panghihinayang!
- 115 “Sa loob mo nawa’y huwag mamilantik
ang panirang talim ng katalong kalis,
magkaespada kang para ng binitbit
niring kinuta mong kanang matangkilik.
- 116 “Kinasuklaman mo ang ipinangakong
sa iyo’y gugulin niniyak kong dugo,
at inibig mo pang hayop ang magbubo
at kung itanggol ka’y maubos tumulo.
- 117 “Pagkabata ko na’y walang inadhika
kundi paglilingkod sa iyo’t kalinga,
di makailan kang babal-ing masira,
ang mga kamay ko’y siyang tumimawa.

Ano raw ang gustong gawin ng baguntaong nakagapos mulang pagkabata? Ang maglingkod sa bayan, di ba? Ito ang isinasaad sa S117. Ngunit ano ang naging sukli sa ganitong magandang

⁸ *Esposo* – Salitang Kastila na ang ibig sabihin’y asawang lalaki.

hangad? Ang maigapos sa gubat, at ngayon, siya’y nakaharap sa “dustang kamatayan” sa mga pangil ng mga leon.

118 “Dustang kamatayan ang bihis mong bayad
dapuwa’t sa iyo’y magpapasalamat,
kung pakamahali’t huwag ipahamak
ang tinatangisang giliw na nagsukab.

Kahit nakaharap na sa kamatayan, kapakanan pa rin ni Laura ang hangad ng lalaki. Sa palagay mo ba’y tanda ito ng tunay na pag-ibig? Oo, di ba? kapag mahal mo ay kabutihan ang iyong iisipin.

119 “Yaong aking Laurang hindi mapapaknit
ng kamatayan man sa tapat kong dibdib;
paalam, bayan ko, paalam na ibig,
magdarayang sintang di manaw sa isip.

120 “Bayang walang loob, sintang alibugha,
Adolfong malupit, Laurang magdaraya,
magdiwang na ngayo’t manulos sa tuwa
at masusunod na sa akin ang nasa.

Hindi na nakatiis sa habag sa nananaghoy, sumaklolo na ang gerero.

126 Sa tinaghuy-taghoy na kasindak-sindak,
gerero’y hindi na napigil ang habag,
tinunton ang boses at siyang hinanap,
patalim ang siyang nagbukas ng landas.

127 Dawag na masinsi’y naglagi-lagitik
sa dagok ng lubhang matalas na kalis,
Moro’y di tumugot hanggang di nasapit
ang binubukalan ng maraming tangis.

128 Anyong pantay-mata ang lagay ng araw
niyong pagkatungo sa kalulunuran,
siyang pagkataos sa kinalalagyan,
nitong nakagapos na kahambal-hambal.

Anong oras na kaya nito? Hapon na at malapit nang lumubog ang araw, di ba? Aling taludtod ang nagsasaad nito? Tama, S128 T1.

129 Nang malapit siya’t abutin ng sulyap
ang sa pagkatali’y niligid ng hirap,
nawalan ng diwa’t luha’y lumagaslas,
katawan at puso’y nagapos ng habag.

Ito naman ang paglalarawan sa mga leon.

132 Tanang balahibo’y pinapangalisag,
nanindig ang buntot na nakagugulat,
sa bangis ng anyo at nginasab-ngasab,
Furiang nangganggalit ang siyang katulad.

133 Nagtaas ng kamay at nangakaakma
sa katawang gapos ang kukong pansira,
nang darakmain na’y siyang pagsagasa
niyong bagong Marteng lumitaw sa lupa.

Paano hinarap ng gerero ang dalawang leon? Basahin sa mga susunod na sakhong.

134 Inusig ng taga ang dalawang leon,
si *Apolo*⁹ mandin sa serp’yenteng Piton,
walang bigong kilos na di nababaon
ang lubhang bayaning tabak na pamutol.

Kanino inihambing ang gerero nang labanan ang mga leon? Kina Marte at Apolo, di ba? Tingnan mo ang mga talababa upang lubusang maunawaan ang paghahambing.

135 Kung ipamilantik ang kanang pamatay
at saka isalag ang pang-adyang kamay,
maliliksing leon ay nangalilinlang,
kaya di nalao’y nangagumong bangkay.

Linangin

Sa puntong ito, gagamit tayo ng pagpapaikli: Gagamitin ang **S** upang kumatawan sa “sakhong,” at ang **T** naman para sa “taludtod.” Samakatwid, kapag sinabing S 68 T1, alin ang tinutukoy? Oo, ang unang taludtod ng ika-68 sakhong. Maliwanag ba?

Umiinit na ang mga pangyayari sa awit, di ba? Mayroon nang mainit na aksyon.

Anu-ano ang mga pangyayari sa bahaging ito ng awit? Itala mo ngang isa-isa

Ganito rin ba ang naitala mo:

1. Dumating sa gubat ang isang gererong Moro.
2. Lumuluha ang gerero dahil ang mahal niya’y inagaw ng sarili niyang ama.

⁹ Apolo – Anak nina Hupiter at Labona at kapatid na panganay ni Diana; isinilang sa pulo ng Delos; buong tapang at liksing pumatay sa Serpyente Piton na nagbibigay-sakit sa kanyang ina. Ayon sa mga makata, si Apolo ang Prinsipe ng mga musa at ng mga pastol at siyang unang nagmukala at nagturo ng musika, tula at panghuhula.

3. Nakarinig siya ng buntunghininga at ng panawagan sa isang mapagmahal na ama, na kabaligtaran ng kanyang ama.
4. Dalawang leon ang biglang dumating at gustong silain ang baguntaong nakagapos.
5. Naghihinakit ang baguntao ngayong nakaharap sa “dustang kamatayan” dahil wala siyang hinangad kundi paglingkuran ang bayan
6. Pinatay ng gerero ang dalawang leon.

May mga kaisipan ding lumutang sa araling ito. Itala natin ang mga ito:

1. Pagluha ng lalaki (gerero pa naman)
2. Kapangyarihan ng pag-ibig
3. Pagmamahal at paggalang ng anak sa ama; pagkakandili ng ama sa anak
4. Tapat na pagmamahal

Kung may suliranin ang baguntaong nakagapos, mayroon ding malaking suliranin ang gererong nagligtas sa kanya. Ano kaya ang suliraning ito? Hindi ba’t ang sarili niyang ama ang ugat ng problema: “agawan ng sinta’t panasa-nasaing/lumubog sa dusa’t buhay ko’y makitil” (S103 T3-4). Ano kaya ang magiging kalutasan ng suliraning ito?

Ang mga pangyayari at kaisipang lumutang sa akda ay hinango kaya ng makata sa personal niyang buhay?

Maraming nagsasabi na ang mga makata at manunulat ay kumukuha ng mga paksa sa aktwal nilang karanasan. Sa isang bahagi ng tula ni Balagtas, sinabi niya: “Itong di matiis na pagdaralita/.../ang siyang umakay na ako’y tumula.” (S16 T1&3, “Kay Celia”).

Aktwal kayang naranasan ni Balagtas ang mga pangyayaring inilarawan niya sa ***Florante at Laura***? Upang masagot ang tanong, basahin ang maikling talambuhay ni Balagtas.

Isinilang si Balagtas noong Abril 2, 1872 sa Panginay, Bigaa (ngayo’y Balagtas), Bulacan.

Isang panday ang ama ni Balagtas. Upang makapag-aral, sa edad na 11 taon ay pumasok siyang katulong sa isang mayamang kamag-anak na nakatira sa Tundo, Maynila. Noong 1812, sa gulang na 24, natapos niya ang Canones sa Colegio de San Jose, na paaralan ng mga Heswita sa Intramuros.

Noong 1835 o 1836, lumipat si Balagtas sa Pandacan, Maynila. Nakilala niya rito ang dalagang si Maria Asuncion Rivera. Sa kasamaang palad, nakaagaw niya sa pag-ibig ang isang mayamang binata, si Mariano Capule, na gumamit ng kapangyarihan ng salapi upang maipakulong si Balagtas. Isang gabi, pagkagaling sa bahay ng dalaga, bigla na lamang dinampot ng mga guwardiya sibil si Balagtas at ikinulong.

*Sinasabing sa loob ng bilangguan sinulat ng makata ang kanyang **Florante at Laura**.*

Noong 1840, nanirahan si Balagtas sa Bataan at humawak ng iba't ibang katungkulan sa pamahalaan. Ikinasal siya kay Juana Tiambeng noong 1842 at nagkaroon sila ng 11 anak. Namatay ang makata noong 1862. Bago namatay, nakasulat siya ng mahigit sandaang dula, komedya, awit, at korido. Sa kasamaang palad, nasunog ang marami sa mga ito nang magkasunog sa Udyong noong 1892.

Ano sa palagay mo? Personal bang naranasan ni Balagtas ang mga kasawiang isinalaysay sa kanyang awit? Oo, personal nga siyang nakaranas ng kaapihan. Ito ang isinasaad sa pang-apat na talata.

Gamitin

Ngayon, kaya mo na bang ilapat ang mga natutuhan mo?

1. Pagsusuri sa mga tiyak na bahagi sa pamamagitan ng:

a. Pag-uugnay ng mga pangyayari sa aktwal na karanasan at sa karanasan ng iba

Naganap ang mga pangyayaring inilahad noon pang panahong sinauna, nang mga hari at reyna ang mga namumuno sa mga bayan. Ngayon, maiuugnay pa kaya ang mga pangyayaring ito sa mga aktwal na karanasan ng mga estudyanteng tulad mo, at sa mga karanasan ng iba?

Bakit hindi? Naranasan mo na bang mapaharap sa malaking suliranin – halimbawa’y kailangang-kailangan mo ng isang sangguniang aklat para sa eksamen mo? Nagkataong biglang dumating ang isang kaibigan mo o pinsan mo, dala-dala ang aklat na kailangan mo. Di ba ito ay katulad din ng nangyaring pagdating sa gubat ng gererong Moro at pagliligtas niya sa baguntaong nakagapos?

Ang iyong ama ba ay mapagkandili? Kung gayon, katulad ito ng ama ng baguntaong nakagapos. Wala ba siyang inaalala kundi kapakanan mo, tulad ng amang tinatawag ng nakagapos?

O malupit siyang tulad ng ama ng gerero? Nakabasa ka na marahil o nakarinig ng mga balita sa diyaryo tungkol sa mga amang nambubugbog ng mga anak? O ng mga anak na naulila sa ina pagkasanggol pa lamang. Ito ang karanasan ng gerero. At maaari ring ito ang karanasan mo, o ng kaibigan mo.

b. Pagbibigay ng opinyon sa mga kaisipang inilalahad

Ang **opinyon** ay iyong iniisip o pinaniniwalaan ng isang tao tungkol sa alin mang bagay. May karapatan ka bang magbuo at magpahayag ng opinyon? Mangyari pa. Kahit estudyante ka pa lamang ay marami ka nang nabasa at naranasan. Batay rito, maaari kang sumang-ayon o hindi sa mga kaisipang inilalahad sa mga nababasa mo.

Sang-ayon ka ba o hindi sa mga kaisipang ito:

1. Labis ang kapangyarihan ng pag-ibig. Bunga nito:
 - a. Pati mag-aama'y posibleng mag-away
 - b. Sa ngalan ng pag-ibig, gagawin ng umiibig ang kahit ano
 - c. Pati buhay ay itataya alang-alang sa pag-ibig
2. Iba-ibang klase ang mga ama. May amang mapagkandili; mayroon din namang malupit

c. Pagbibigay-solusyon sa suliraning inilalahad

Nasa ibaba ang mga suliranin ng mga tauhan. Aling posibleng solusyon ang maipapayo mo sa kanila:

1. Pag-agaw ng ama sa babaeng minamahal ng gerero
 - a. Bawiin niya ang kasintahan sa ano mang paraan
 - b. Humanap na lamang siya ng iba
 - c. Iba pa. Isulat mo _____
2. Pagkakagapos ng baguntao sa puno sa gitna ng gubat
 - a. Pagtawag sa Diyos upang siya'y tulungan
 - b. Pagsigaw hanggang may makarinig sa kanya
 - c. Iba pa. Isulat mo _____.

2. Pag-uugnay sa karanasan ng sumulat

Ngayong nabasa mo na ang talambuhay ni Balagtas, nalaman mo nang may bahagi ng buhay niya na masasabing pinagbatayan niya ng mga pangyayari at kaisipang inilalahad sa kanyang obra.

Nabilanggo si Balagtas dahil sa pakana ng karibal niya sa pag-ibig na si Mariano Capule. Di ba ang baguntao ay iginapos sa gubat sa pakana ni Konde Adolfo, na karibal naman niya sa pag-ibig ni Laura? Kung nananangis ang baguntao sa pagkakagapos sa gitna ng gubat, ang makata namang lumikha sa kanya ay lumuluha rin sa loob ng bilangguan.

Sa mas malawak na pagpapakahulugan, ang bansang Pilipinas noong panahon ni Balagtas ay nagdaranas ng kasamaan at kalupitan sa kamay ng mga mananakop na Kastila. Samakatwid, hindi lamang personal na problema ang inilahad ng makata kundi problema ng buong bayan.

Lagumin

Malinaw na ba sa iyo ang mga natalakay? Upang maging mas malinaw pa, narito ang mga pangunahing puntos ng sub-aralin:

1. Masusuri ang mga tiyak na bahagi ng awit sa pamamagitan ng:
 - a. Pag-uugnay ng mga pangyayari sa mga aktwal na karanasan at sa mga karanasan ng iba
 - b. Pagbibigay ng opinyon sa mga kaisipang inilahad
 - c. Pagbibigay ng solusyon sa mga suliraning inilahad
2. Ang ilang pangyayari sa awit ay maaaring hinango sa aktwal na karanasan ng makata
3. Bagama't halos 200 taon na ang nakaraan mula nang sulatin ang awit, ang mga pangyayaring isinalaysay ay maaari pa ring maiugnay sa kasalukuyan sapagkat unibersal ang mga paksang tinalakay.

Kung malinaw na sa iyo ang mga pangunahing puntos ng sub-aralin, handa ka na marahil sa pagsubok.

Subukin

A. Punan ang mga patlang. Isulat sa sagutang papel ang letra lamang ng iyong sagot.

1. Dumating sa gubat ang isang gererong
a. Moro b. Kristiyano c. Buddhista
2. Sa tikas at pananamit, siya ay parang
a. artista b. punong bayan c. bayani
3. Ang ugat ng kanyang kasawian ay ang kanya mismong
a. kasintahan b. ina c. ama
4. Inagaw nito ang kanyang
a. espada b. korona c. kasintahan
5. Nang sisilain ng dalawang leon ang baguntao, ang huli ay bumigkas ng
a. pamamaalam b. talumpati c. tula

6. Sa bingit ng kamatayan, ang inaalala ng baguntao ay ang kapakanan pa rin ng mahal niyang si
- a. Laura b. Florida c. Floresca

B. Maiuugnay mo kaya sa personal mong karanasan o sa karanasan ng iba ang mga pangyayaring inilahad sa awit? Aling mga saknong mula kay Balagtas ang mailalapat mo sa mga sitwasyong inilahad sa ibaba? Isulat lamang ang mga letra ng iyong sagot.

Mga saknong:

- (1) Sa kuko ng lilo’y aking aagawin
ang kabiyak niring kaluluwang angkin
liban na kay ama, ang simula’t alin
ay di igagalang ng tangang patalim. (S79)
- (2) “Ang nagkahiwalay na laman mo’t buto,
kamay at katawang nalayo sa ulo
ipinaghagisan niyong mga lilo
at walang maawang maglibing na tao.(S90)
- (3) Ay Amang ama ko! Kung magunamgunam
madla mong pag-irog at pagpapalayaw,
ipinapalaso ng kapighatian,
luha niring pusong sa mata’y nunukal.(S95)
- (4) “May para kong anak na napanganyaya,
ang layaw sa ama’y dusa’t pawang luha,
hindi nakalaspahit kahit munting tuwa
sa masintang inang pagdaka’y nawala!” (S104)

Mga sitwasyon:

- a. Ulila na sa ina si Donita; namatay ang kanyang ina nang isilang siya.
Waring siya pa ang sinisipi ng kanyang ama sa pagkamatay ng ina.
Kaya lagi siyang pinagmamalupitan nito.
- b. Namatay ang ama ni Jericho habang may iskolarship sa ibang bansa si Jericho. Ngayon, tuwing babalikan sa gunita ang kabutihan ng kanyang ama, wala siyang magawa kundi ang lumuha.
- c. Iginagalang pa rin ni Piolo ang ama sa kabila ng kalupitan nito sa kanya. Hindi niya magagawang paghigantihan ito kahit ito pa mismo ang umubos ng naipon niya sa bangko.
- d. Namatay sa bilangguan ang ama ni Ibarra, na nasa ibang bansa noon.
Walang nangahas na maglibing sa namatay, dahil sa takot sa prayle at guwardiya sibil.

C. Naniniwala ka bang nagaganap sa tunay na buhay ang ilang paksang tinalakay sa aralin? Sang-ayon ka o di sang-ayon? Isulat sa iyong papel ang bilang ng iyong sagot. Nasa ibaba ang katumbas ng mga bilang.

1. *Hinding-hindi sang-ayon*
2. *Hindi sang-ayon*
3. *Di tiyak*
4. *Sang-ayon*
5. *Lubos na sang-ayon*

1. Pagluha ng lalaki, at isang gerero pa naman
1 2 3 4 5
2. Labis na kapangyarihan ng pag-ibig
1 2 3 4 5
3. Pag-agaw ng ama sa kasintahan ng anak
1 2 3 4 5
4. Pagmamahal ng isang lalaki sa kasintahan hanggang kamatayan
1 2 3 4 5
5. Paggalang pa rin ng anak sa ama kahit ginawan siya ng masama
1 2 3 4 5

D. Ilapat sa mga paksa sa itaas ang ilang taludtod na naglalahad ng mga pangyayari mula sa aralin. Isulat lamang sa iyong papel ang letra ng sagot mo.

- a. *liban na kay ama, ang sinuma't alin/ay di igagalang ng tangang patalim*
(S79 T3-4)
- b. *at kung mangyayari hanggang sa malibing/ang mga buto ko, kita'y sisintahin*
(S107 T3-4)
- c. *At kung kay Flerida'y iba ang umagaw/at di ang ama ko...*
(S77 T1-2)
- d. *pag ikaw ang nasok sa puso ninuman/hahamaking lahat masunod ka lamang*
(S80 T3-4)
- e. *nagwikang "O palad" sabay ang pagtulo/sa mata ng luhang anaki'y palaso*
(S72 T3-4)

Tama kaya ang mga sagot mo? Tama kung ganito:

- A. 1. a 4. c
2. c 5. c
3. c 6. a
- B. (1): c (3): b
(2): d (4): a

C. Sa bahaging ito, walang tama o maling sagot. Ibig lamang tuklasin ang iyong opinyon – ang iyong pagsang-ayon o di pagsang-ayon sa paksa. Kung karamihan ng sagot mo ay 4 o 5, ibig sabihin ay sinasang-ayunan mo ang paksang inilahad. Kung karamihan ng sagot mo ay 1 o 2, hindi ka sang-ayon. Sang-ayon ka man o di sang-ayon, tiyak na may dahilan ka kung bakit. Kung karamihan naman ay 3 ang sagot mo, kailangan mo pang magbasa nang magbasa upang makabuo ng sarili mong opinyon.

- D.
- | | |
|------|------|
| 1. e | 4. b |
| 2. d | 5. a |
| 3. c | |

Kung nasagot mo nang tama ang lahat ng tanong sa A, B & D, hindi mo na kailangang sagutan ang susunod na bahagi, ang **Paunlarin**.

Paunlarin

A. Piliin ang tamang sagot. Isulat sa papel ang letra lamang ng sagot mo.

- Hindi karaniwan sa lipunang Pilipino ang pagluha ng lalaki. Sa awit ni Balagtas, ang mga lalaking tauhan (ang baguntao at ang gerero) ay kapwa nagpapakita ng masaganang pagluha, na parang palaso. Ito kaya ay dahil
 - Hindi sila mga Pilipino; iba ang kanilang lipunan
 - Likas silang iyakin
 - Sadyang nakakaluha ang kanilang kalagayan
- Kabaligtaran ng ama ng baguntao ang ama ng gerero dahil mapagkandili ang ama ng una; samantala, ang ama ng gerero ay siya pang gumawa sa anak ng ganito:
 - agawan ng sinta't panasa-nasaing/lumubog sa dusa't buhay ko'y makitil*
(S103 T3-4)
 - hindi nakalasap kahit munting tuwa/sa masintang inang pagdaka'y nawala!*
(S104 T3-4)
 - pinipisang-pisang at iniwawalat/ng pawa ring lilo't berdugo ng sukab*
(S89 T3-4)
- Ayon sa baguntao, pagkabata'y wala na siyang inadhika kundi maglingkod sa bayan. Ang natanggap niyang ganti ay
 - hinaplos ang mukha't dibdib ay tinutop* (S139 T3)
 - hand na ang ngipi't kukong bagong hasa* (S131 T3)
 - dustang kamatayan ang bihis mong bayad* (S118 T1)

4. Ibigay ang karugtong: Sa harap ng dalawang leon, ang baguntaong nakagapos ay nagsabing “Yaong aking Laurang hindi mapapaknit!”

- a. *ng kamatayan man sa tapat kong dibdib* (S119 T2)
- b. *mamamatay ako’y hindi mo na sinta* (S122 T2)
- c. *di mo tatapunan ng kamunting luha* (S123 T2)

5. Ang dalawang leon ay napatay ng gerero sa pamamagitan ng

- a. baril
- b. taga
- c. palaso

Tama ba ang mga sagot mo? Tama ka kung ganito:

- 1. a 3. c 5. b
- 2. a 4. a

Sub-Aralin 2

Pagbubuo ng Lagom

Layunin: Pagkatapos mo ng sub-araling ito, inaasahang ikaw ay nakabubuo ng lagom ng bahaging binasa sa tulong ng mga kaugnay na karanasan.

Alamin

Ano kaya ang nangyari nang mapatay ng gerero ang dalawang leon? Pinatid ng gerero ang lubid na nakatali sa baguntao at kinalong ito. Sa malaking dusa, nakatulog ang baguntao sa kandungan ng gerero. Nang magmulat ng mata, nabigla ito sa natuklasan. Ano itong natuklasan niya?

146 Nang muling mamulat ay nagitlahaan;
 “Sino? Sa aba ko’t nasa Morong kamay!”
 Ibig na iigtad ang lunong katawan,
 nang hindi mangyari’y nagngalit na lamang.

Bakit ganito ang naging reaksyon ng baguntao nang makita kung sino ang nagligtas sa kanya? Mahulaan mo kaya? Tama, kasi’y kalaban ng bayan niya at relihiyon ang Morong tagapagligtas.

Ano ang sagot ng gerero? Basahin:

148 “Kung nasusuklam ka sa aking kandungan,
lason sa puso mo ang hindi binyagan,
nakukutya akong di ka saklolohan,
sa iyong nasapit na napakarawal.

Ano ang ibig sabihin ng “hindi binyagan”? Tama, di Kristiyano ang ibig sabihin nito.

149 “Ipinahahayag ng pananamit mo,
taga-Albanya ka at ako’y Pers’yano;
ikaw ay kaaway ng baya’t *sekta*¹⁰ ko
sa lagay mo ngayo’y magkatoto tayo.

150 “Moro ako’y lubos na taong may dibdib,
at nasasaklaw rin ng utos ng Langit
dini sa puso ko’y kusang natititik,
natural na leing sa aba’y mahapis.

151 Ano’ng gagawin ko’y aking napakinggan
ang iyong pagtaghoy na kalumbay-lumbay,
gapos na nakita’t pamumutiwanan
ng dalawang ganid, ng bangis na tangan.

Pinatunayan ng Moro na walang kinikilalang relihiyon ang pagtulong. Ngunit sa halip
matuwa ay ito ang sinabi ng baguntao:

154 “Itong iyong awa’y di ko hinahangad,
patayin mo ako’y siyang pitang habag,
di mo tanto yaring binabatang hirap,
na ang kamatayan ang buhay kong hanap.”

Dahil gabi na, nagpahinga na ang dalawa. Paano pinagyaman ng gerero ang baguntao?
Alamin sa mga sumusunod na sakanong.

161 Ito’y di umidlip sa buong magdamag,
sa pag-aalaga’y nagbata ng puyat,
ipinanganganib ay baka makagat
ng ganid na madlang naggala sa gubat.

¹⁰ *Secta* (o Sekta) – Ang sinasampalatayanan ng isa’t isa o ang sinusunod na utos ng kani-kanilang Diyos sa karaniwang salitang Kastilang *Culto* o *Religion*.

162 Tuwing magigising sa magaanng tulog
itong lipos-hirap ay naghihimutok
pawang tumitirik na anaki’y tunod
sa dibdib ng Morong may habag at lunos.

163 Nang magmamadaling-araw ay nahimbing,
munting napayapa sa dalang hilahil,
hanggang sa *Aurorang*¹¹ itaboy ang dilim
walang binitiwang himutok at daing.

Sino kaya ang sinasabing nahimbing? Ang iniligtas sa pagkakagapos, di ba? Anong oras na ang tinutukoy? Tama, umaga na. Ngayon na nagsalaysay ng kanyang buhay ang baguntau.

174 “Sa isang dukado ng Albanyang s’yudad,
doon ko nakita ang unang liwanag,
yaring katauha’y utang kong tinanggap,
sa Duke Briseo, Ay, Ama kong liyang!

Ano raw ang pangalan ng ama ng nagsasalaysay? Duke Briseo, di ba? “Dugong bughaw” siya, kung gayon, sapagkat anak ng duke.

176 “Bakit naging tao ako sa Albanyang
bayan ng ama ko at di sa *Crotona*¹²
sa masayang s’yudad na lupa ni Ina?
Disin ang buhay ko’y di lubhang nagdusa.

Tagasaan ang ina ng nagsasalaysay? Tama, taga-Crotona. Ngunit ang ama niya ay taga-Albanya at dito siya isinilang at nagkaisip. Ano kaya ang trabaho ng kanyang ama?

177 “Ang dukeng ama ko’y pribadong tanungan
ng Haring *Linseo*¹³ sa anumang bagay,
pangalawang puno sa sangkaharian,
hilagaang-tungo ng sugo ng bayan.

Ang ama ng baguntau ay “pribadong tanungan” ng hari; konsultant sa ibang salita.

¹¹ *Aurora* – Anak ng Araw at ng Buwan. Ayon sa mga makata, itong si Aurora ang nagbubukas ng pinto ng langit pagkaumaga at kung maikabit na ang kabayo’t sa karwahe ng Araw ay ito rin ang nangunguna sa paglabas.

¹² *Crotona* – Isang siyudad sa Gresya Mayor

¹³ *Linseo* – Hari ng Albanya noong panahon ni Florante.

179 “Naririnig ko pa halos hanggang ngayon,
palayaw na tawag ng ama kong poon,
noong ako’y batang kinakandung-kandung,
taguring *Floranteng* bulaklak kong bugtong.

Ngayon lamang binanggit ang pangalan ng baguntao. Ano nga ang pangalan niya? Tama, Florante.

180 “Ito ang ngalan ko mulang pagkabata,
nagisnan sa ama’t inang nag-andukha,
pamagat na ambil na lumuha-luha,
at kayakap-yakap ng madlang dalita.

Pansinin mo ang S180 T3: “pamagat na ambil na lumuha-luha.” May nagsasabi na *Plorante* ang tamang baybay ng ngalan ng ating bayani, mula sa *ploro* ng Latin, na nangangahulugang “luha.”

Ngunit higit na nakararami ang nagsasabing *Florante* ang tama, mula sa *flor* ng Kastila na nangangahulugang “bulaklak.” Ang ikinakatwiran naman nila ay ang S179 T4: “taguring Floranteng bulaklak na bugtong.” Kung tutuusin, walang dapat pagtalunan, di ba? Ang naging buhay ng ating bayani ay kapwa bulaklak at luha. Ano sa palagay mo?

Ang sumunod pang mga saknong ay pagsasalaysay ng masayang kabataan ni Florante.

181 “Buong kamusmusa’y di na sasalit-in,
walang may halagang nangyari sa akin,
kundi nang sanggol pa’y kusang daragitin
ng isang *buwitreng*¹⁴ ibong sadyang sakim.

182 “Ang sabi ni Ina ako’y natutulog,
sa bahay sa kintang malapit sa bundok,
pumasok ang ibong pang-amoy ay abot
hanggang tatlong legwas sa patay na hayop.

183 “Sa sinigaw-sigaw ng ina kong mutya,
nasok ang pinsan kong sa Epiro mula;
ngala’y Menalipo, may taglay na pana,
tinudla ang ibo’t namatay na bigla.

¹⁴ *Buitre* (o *Buwitre*) – Isang lubhang malaking ibong ang kinakain ay pawang bangkay ng hayop; ang pang-amoy ay masidhi at umaabot hanggang sa layong tatlong legwas.

- 184 “Isang araw namang bagong lumalakad,
ako’y naglalaro sa gitna ng salas,
may nasok na *arko*’t¹⁵ biglang sinambilat
*kupidong d’yamanteng*¹⁶ sa dibdib ko’y hiyas.
- 185 “Nang tumuntong ako sa siyam na taon,
palaging gawa ko’y mag-aliw sa burol,
sakbat ang palaso’t ang busog ay kalong,
pumatay ng hayop, mamana ng ibon.
- 186 “Sa tuwing umagang bagong naglalalatag
ang *anak ng araw*¹⁷ ng masayang sinag
naglilibang ako sa tabi ng gubat,
madla ang kaakbay na mga alagad.
- 187 “Hanggang sa tingal-in ng sandaigdigang
ang mukha ni Pebong hindi matitigan,
ay sinasagap ko ang kaligayahang
handog niyong hindi maramot na parang.
- 188 “Aking tinitipon ang ikinakalat
ng masayang bango ng mga bulaklak,
inaaglahi ko ang laruang palad,
mahinhing amiha’t ibong lumipad.
- 189 “Kung ako’y mayroong matanaw na hayop,
sa tinitingalang malapit na bundok,
biglang ibibinit ang pana sa busog
sa minsang tudla ko’y pilit matutuhog.
- 190 “Tanang samang lingkod ay nag-aagawan,
unang makarampot ng aking napatay;
ang tinik sa dawag ay di dinaramdam
palibhasa’y tuwa ang nakaaakay.
- 191 “Sukat maigaya sinumang manood
sa sinuling-suling ng sama kong lingkod,
at kung masunduan ang bangkay ng hayop,
ingay ng hiyawan, sa loob ng tumok.

¹⁵ *Arcon* (o arkon) – Isa ring malaking ibong matakaw at dumaragit ng mga buto ng tupa, aso, at iba pang hayop sa bundok.

¹⁶ *Cupido diamante* (o diyamanteng Cupido) – Hiyas na karaniwang inilalagay sa noo ng mga senyora.

¹⁷ Anak ng Araw – Aurora kung siya’y tagurian.

- 192 “Ang laruang busog ay kung pagsawaan
uupo sa tabi ng matuling bukal,
at mananalamin sa linaw ng kristal,
sasagap ng lamig na iniaalay.
- 193 “Dito’y mawiwili sa mahinhing tinig
ng nangagsasayang *Nayades*¹⁸ sa batis,
taginting ng *lirang*¹⁹ katono ng awit
mabisang pamawi sa lumbay ng dibdib.
- 194 “Sa tamis ng tinig na kahalak-halak
ng nag-aawitang masasayang *Ninfas*²⁰
naanyayahan sampong lumilipad,
sarisaring ibong agawan ng dilag.

Sa palagay mo, masaya rin ba ang naging kamusmusan ng gerero?

Sa sumusunod na mga saknong, ipinapahayag ni Balagtas ang kanyang mga kaisipan tungkol sa pagpapalaki ng anak.

- 197 Pag-ibig anaki’y aking nakilala
di dapat palakhin ang bata sa saya
at sa katuwaa’y kapag namihasa
kung lumaki’y walang hihinting ginhawa.
- 198 “Sapagkat ang mundo’y bayan ng hinagpis
mamamaya’y sukat tibayan ang dibdib,
lumaki sa tuwa’y walang pagtitiis,
ano’ng ilalaban sa dahas ng sakit?
- 199 “Ang taong magawi sa ligaya’t aliw
mahina ang puso’t lubhang maramdamin,
inaakala pa lamang ang hilahil
na daratna’y di na matutuhang bathin.
- 200 “Para ng halamang lumaki sa tubig,
daho’y nalalanta munting di madilig;
ikinaluluoy ang sandaling init,
gayon din ang pusong sa tuwa’y maniig.

¹⁸ *Nayades* – Mga ninfa sa mga batis at ilog; sinasamba ng mga Gentil (o Hentil) na kabilang sa liping pagano.

¹⁹ *Lira* – Maaaring ito’y kudyapi, alpa, o bigwela; ipinansasaliw ng mga ninfa at ng mga musa sa kanilang pag-awit.

²⁰ *Ninfas* – Mga diyosa sa tubig; kaaliw-aliw ang mga tinig gayundin ang taginting ng kanilang mga lira.

- 201 “Munting kahirapa’y mamalaking dala
dibdib palibhasa’y di gawing magbata,
ay bago sa mundo’y walang kisapmata
ang tao’y mayroong sukat ipagdusa.
- 202 “Ang laki sa layaw karaniwa’y hubad
sa bait at muni’t sa hatol ay salat;
masaklap na bunga ng maling paglingap,
habag ng magulang sa irog na anak.
- 203 “Sa taguring bunso’t likong pagmamahal
ang isinasama ng bata’y nunukal,
ang iba’y marahil sa kapabayaang
ng dapat magturong tamad na magulang.

Ngunit dumating ang panahong kailangang mapalayo siya sa mapagmahal na mga magulang upang mag-aral sa ibang bayan.

- 204 “Ang lahat ng ito’y kay amang talastas,
kaya nga ang luha ni ina’y hinamak,
at ipinadala ako sa *Atenas*²¹,
bulag na isip ko’y nang doon mamulat.

Linangin

Sa bahaging ito, ipinahayag ni Balagtas ang dalawa sa tinawag ni Lope K. Santos na “apat na himagsik ni Balagtas.” Ito’y ang pagtutol sa maling paniniwala hinggil sa relihiyon at maling pagpapalaki ng mga anak. Ang dalawa pang “himagsik” – sa maling pamamahala ng mga namumuno sa bayan at kawalan ng kalayaan sa pagsasalita – ay natalakay sa unang bahagi ng awit.

Sa awit ni Balagtas, ipinakita ng makata na kahit “di binyagan” o “Moro” ay may pusong matulungin, at sumusunod sa unibersal na aral ng pagtutulungan. Hindi na kinilala muna ng gerero ang baguntau, agad na niya itong tinulungan, kahit magkalaban ang kanilang bayan at sekta.

Sa puntong ito, may pangalan na ang baguntau – Florante. Ngunit ang tagapagligtas niya ay di pa natin alam ang pangalan. Kaunti pa lamang ang nabanggit tungkol sa kanya.

Makabubuo ka ba ng paglalagom ng bahaging ito sa tulong ng kaugnay na karanasan?

²¹ *Atenas* – Balitang siyudad sa Gresya, na batis o bukal ng karunungan at katapangan; itinindig ito ng Haring Cecrops ng Attica.

Ano ba ang **lagom**? Ito ay buod ng nilalaman ng tekso o kaya'y talakayan. Maikli lamang ang lagom kaya kapag gumawa ka nito, iyon lamang mahahalagang puntos ang pipiliin mo at di mo isasama ang mga detalye.

Gamitin

Ito ang lagom ng mga karanasan ni Florante noong kamusmusan niya:

1. Nang sanggol pa si Florante ay muntik na siyang dagitin ng buwitre
2. Iniligtas siya ng pinsan niyang si Menalipo na taga-Epiro
3. Nang bago pa lamang siyang lumalakad, dinagit ng isang arkon ang kanyang kupidong dyamante
4. Nang siyam na taon na ay pangangaso naman ang naranasan niya

Subukin mo namang magbuo ng lagom ng kaugnay na mga karanasan ng gerero noong kamusmusan niya. Sapagkat ang alam pa lamang natin tungkol sa gerero ay: (1) ulila siya sa ina, (2) siya'y taga-Persiya at (3) inagaw ng kanyang ama ang kasintahan niya at pinagbalakan pa siyang patayin.

Piliin ang mga pangungusap na posibleng naglalagom ng mga karanasan ng gerero batay sa kaunting impormasyong nasa itaas.

1. Namatay sa panganganak ang kanyang ina.
2. Maganda ang ina niya, tinanghal na reyna ng kagandahan noong dalaga pa.
3. Matagal itong niligawan ng sultan ng Persiya bago napasagot.
4. Nag-iisang anak ang kanyang ina kaya't mga yaya ang nagpalaki sa kanya.
5. Hindi nakatikim ng pagmamahal ng magulang ang gerero.
6. Malayo ang loob ng ama sa kanya dahil siya ang sinisi sa pagkamatay ng kanyang ina.

Alin ang mga pinili mo? Tama ka kung ang mga bilang 1, 5 & 6 ang pinili mo. Ang mga bilang 2, 3 at 4 ay nagbibigay ng mga detalye kaya hindi na isasama sa pagbubuo ng lagom.

Lagumin

Malinaw na ba ang mga sub-aralin? Upang maging mas malinaw pa, narito ang mga pangunahing puntos.

1. Ang bahaging ito ng awit ay nagpapahayag ng dalawa sa apat na himagsik ni Balagtas – pagtutol sa (a) maling paniniwala tungkol sa relihiyon at (b) maling pagpapalaki ng mga anak.

2. Makabubuo ng lagom ng bahaging binasa sa tulong ng kaugnay na karanasan. Ang kamusmusan ni Florante ay iniugnay natin sa kamusmusan naman ng gerero.

Ngayon, handa ka na ba sa isang pagsubok?

Subukin

A. Punan ang mga patlang. Isulat sa iyong sagutang papel ang letra lamang ng iyong sagot.

1. Ang pangalan ng ama ni Florante ay
a. Duke Briseo b. Haring Linceo c. Konde Adolfo
2. Ang ina naman niya ay si Prinsesa
a. Laura b. Floresca c. Flerida
3. Lumaki si Florante sa bayan ng kanyang ama, ang
a. Crotona b. Persiya c. Albanya
4. Ang ama ni Florante ay pribadong tanungan ni
a. Haring Linceo b. Konde Adolfo c. Menalipo
5. May nagsasabi na ang tamang baybay ng pangalan ng ating bida ay **Plorante**, mula sa **plor**, na nangangahulugang “luha” sa wikang
a. Latin b. Tagalog c. Ingles
6. Higit na nakararami ang nagsasabing **Florante** ang tamang baybay, mula sa **flor**, na nangangahulugang “bulaklak” sa wikang
a. Hapon b. Kastila c. Griyego
7. Nang sanggol pa si Florante ay muntik na siyang dagitin ng isang
a. arkon b. buwitre c. agila
8. Sa bahaging ito ng aralin ay ipinapahayag ni Balagtas ang kanyang himagsik sa maling paniniwala hinggil sa
a. relihiyon b. komunikasyon c. komersyo
9. May ilang saknong na iniukol sa tamang pagpapalaki ng
a. anak b. halaman c. punungkahoy
10. Si Florante ay ipinadala ng ama niya sa Atenas upang
a. makidigma b. mag-aral c. magnegosyo

B. Pumili lamang ng limang (5) pangungusap na naglalagom ng mga pangyayari.

1. Isang baguntao ang nakagapos sa gitna ng madilim na gubat.
2. Nananangis siya dahil akala niya’y pinagtaksilan na siya ng kasintahan.
3. Makinis ang balat ng baguntao at kulay-ginto ang buhok.
4. Maganda ang kasintahan niya kaya siya nag-aalala.
5. Dumating sa gubat ang isang gererong Moro.
6. May dala siyang pika at adarga.
7. Tinutop niya ang noo saka nagpalinga-lingang parang naghahanap.
8. May dumating na dalawang leon, handang silain ang baguntaong nakagapos.
9. Pinatay ng gerero ang leon.
10. Pinapangalisag ng mga leon ang kanilang balahibo at pinapanindig ang

buntot.

11. Nang makalagan na sa pagkakagapos, nagsalaysay ang baguntao.

12. Siya si Florante, anak ni Duke Briseo at taga-Albanya.

C. Bawat pangungusap sa ibaba ay lagom ng isa sa mga saknong 197-203. Alin ang lagom ng aling saknong? Isulat sa iyong sagutang papel ang bilang ng saknong at ang bilang ng pangungusap na naglalagom nito.

1. Laging may problema sa mundong ito. Dapat maging matibay ang dibdib, ngunit ang batang pinalaki sa ligaya ay di marunong magtiis.

2. Kapag nasanay sa ligaya ang isang tao, nasa isip pa lamang ang problema ay di na niya kayang harapin.

3. Kapag mali ang paglingap ng magulang, ang bata ay lumalaking kulang sa sariling bait.

4. Sa kapabayaang o kaya'y maling pagpapalaki ng magulang, ang bata ay napapasama lamang

5. Laging may problema sa mundong ito. Sa taong lumaki sa ginhawa, maliit na problema lamang ay parang napakalaki na.

6. Ang batang pinalaki sa layaw ay parang halamang nasanay sa tubig na kapag di nadilig ay agad nalalanta. Gayon din ang batang "spoiled", kaunting hirap lamang ay susuko na agad.

6. Kapag pinalaki sa ligaya ang isang bata, paglaki niya'y wala siyang mahihintay na ginhawa.

Tama kaya ang mga sagot mo? Tama ka, kung ganito:

A.	1. a	6. b
	2. b	7. b
	3. c	8. a
	4. a	9. a
	5. a	10. b

B. 1, 5, 8, 9, 11

C. S197 – 7; S198 – 1; S199 – 2; S200 – 6; S201 – 5; S202 – 3; S203 – 4.

Kung nasagot mo nang tama ang lahat ng tanong, hindi mo na kailangang sagutan ang susunod na bahagi, ang **Paunlarin**.

Paunlarin

Ano ang mga naganap na pangyayari sa naunang sub-aralin? Nasa ibaba ang ilang piling taludtod. Isulat sa iyong sagutang papel ang letra ng pangungusap na naglalagom ng kaisipang isinasaad sa taludtod.

Mga taludtod:

- (1) Nagkataong siyang pagdating sa gubat
ng isang gererong bayani ang tikas (S69 T1-2)
- (2) nagkataon namang parang isinagot
ang buntunghininga niyong nagagapos. (S83 T3-4)
- (3) Inabutan niya ang ganitong hibik:
Ay, mapagkandiling amang iniibig (S86 T1-2)
- (4) kay ama nga galing dapuwa't sa bangis,
hindi sa andukha at pagtatangkilik. (S102 T3-4)
- (5) Sa tinaghuy-taghoy na kasindak-sindak
gerero'y hindi na napigil ang habag (S126 T1-2)
- (6) maliliksing leon ay nangalilinlang,
kaya di nalao'y nangagumong bangkay (S135 T3-4)

Mga pangungusap na naglalagom:

- a. Tinatawag ng nakagapos ang mapagmahal niyang ama.
- b. Napatay ng gerero ang mga leon.
- c. Hindi mapagtangkilik ang ama ng gerero.
- d. Hindi na natiis ng gerero ang habag sa narinig na taghoy.
- e. Parang sagot ay nakarinig siya ng buntunghininga
- f. May dumating na gerero sa gubat.

Tama kaya ang mga sagot mo? Tama ka kung ganito:

- | | |
|-------|-------|
| (1) f | (4) c |
| (2) e | (5) d |
| (3) a | (6) b |



Gaano ka na kahusay?

A. Isulat ang **T** kung *tama* ang pangungusap at **M** naman kung *mali*.

1. Ang *awit* ay maikling tulang pasalaysay.
2. Ang *awit* ay inaawit sa mga tanging pagtitipon ng mga mahal na tao noong panahon ng pananakop ng mga Kastila.
3. Ang mga pakikipagsapalaran ng bayani sa isang awit ay pawang kababalaghan lamang at di maaaring maganap sa tunay na buhay.
4. Ang awit ay may sukat na 14 pantig sa bawat taludtod.
5. Sinasabi na ang *Florante at Laura* ay sinulat ni Francisco ‘Balagtas’ Baltazar sa labas ng bilangguan.
6. Nabilanggo siya sa maling bintang ng kanyang karibal sa pag-ibig.
7. Ang mga pangunahing tauhan sa *Florante at Laura* ay di mga Pilipino.
8. Noong panahon ng pananakop ng mga Kastila, ang mga mamamayan ay may karapatang magsalita lalo na’t kontra sa mga Kastila.
9. Ang gererong Moro sa akdang ito ay mula sa Persiya.
10. Siya ang nagligtas kay Florante laban sa dalawang leon.
11. Ang mga pangyayaring isinalaysay ni Balagtas sa kanyang awit ay di na maiuugnay sa kasalukuyang panahon.
12. Ang pagsikil sa mga karapatan na inilarawan ni Balagtas sa kanyang awit ay maaaring personal na naranasan ng makata.
13. Ang *opinyon* ay iyong iniisip o pinaniniwalaan ng isang tao tungkol sa alin mang bagay.
14. Bawat isa’y may karapatang magbuo at magbigay ng opinyon.
15. Kung magkasalungat kayo ng opinyon ng kaibigan mo, dapat kayong maging magkaaway.

B. Punan ang mga patlang. Isulat sa sagutang papel ang letra lamang ng sagot mo.

1. Ang tawag ng mga Kastila noon sa sino mang di Kristiyano ay
a. Muslim b. Buddhista c. Moro
2. Sa taludtod na nagsasabing “sampong mag-aama’y iyong nasasaklaw,” ang pariralang may salungguhit ay nangangahulugang
a. 10 pares ng mag-aama b. pati mag-aama c. 5 ama at 5 anak
3. Sa taludtod na “bababa si Marte mula sa itaas,” ang tinutukoy na Marte ay
a. planetang Marte b. diyos ng digma ng mga Romano
c. isa sa mga tauhan sa *Florante at Laura*
4. Ang ama ng baguntaong nakagapos ay pinatay sa pamamagitan ng
a. pagpugot sa ulo b. pagputol sa paa’t kamay c. pagbigti
5. Ang baguntaong nakagapos ay gusto sanang silain ng dalawang
a. sawa b. tigre c. leon
6. Ang ama ng baguntao ay tinawag na “mapagkandiling amang iniibig.” Ang mapagkandili ay nangangahulugang
a. mapag-alaga b. mapagtiis c. mapagsuspetsa

7. Walang mangahas maglibing ng bangkay ng ama ng baguntao dahil sila'y
a. natatakot b. nandidiri c. nagtatago
8. Ang gererong Moro ay hindi binyagan. Ang pariralang may salungguhit ay nangangahulugang
a. hindi Kristiyano b. hindi Muslim d. hindi Buddhista
9. Ang nagligtas sa baguntao laban sa 2 leon ay
a. gerero b. panalangin c. ama
10. Ang gerero at ang baguntao ay magkalaban sa
a. relihiyon b. debate c. pag-ibig
11. Ang pangalan ng baguntao ay
a. Aladin b. Laura c. Florante
12. Si Florante ay ipinadala ng ama upang mag-aral sa
a. Sparta b. Atenas c. Persiya
13. Ang ina ni Florante ay taga-Crotona ngunit ang baguntao ay isinilang at lumaki sa bayan ng kanyang ama, sa
a. Albanya b. Atenas c. Persiya
14. Ang pangalan ng babaeng mahal ng gererong Moro ay
a. Laura b. Britta c. Flerida
15. Ang hari ng Albanya ay si
a. Haring Linceo b. Haring Briseo b. Haring Adolfo

C. Sa unang bahagi ng *Florante at Laura* ay inilahad ang maling pamamahala sa bayang Albanya at ang pagsikil sa karapatan sa pagsasalita. Ang mga saknong sa ibaba ay nagpapakita naman ng paniniwala ng makata hinggil sa (a) relihiyon at (b) pagpapalaki ng mga anak. Alin sa mga saknong sa ibaba ang nagsasaad ng (a) (relihiyon) at alin ang nagsasaad ng (b) (pagpapalaki ng anak)? Isulat sa sagutang papel ang letra lamang ng sagot mo.

- (1) “Ipinahahayag ng pananamit mo,
taga-Albanya ka at ako’y Pers’yano;
ikaw ay kaaway ng baya’t sekta ko
sa lagay mo ngayo’y magkatoto tayo. (S149)
- (2) “Moro ako’y lubos na taong may dibdib,
at nasasaklaw rin ng utos ng Langit
dini sa puso ko’y kusang natititik,
natural na leing sa aba’y mahapis.” (S150)
- (3) Ang laki sa layaw karaniwa’y hubad
sa bait at muni’t sa hatol ay salat;
masaklap na bunga ng maling paglingap,
habag ng magulang sa irog na anak. (S202)
- (4) Sa taguring bunso’t likong pagmamahal
ang isinasama ng bata’y nunukal,
ang iba’y marahil sa kapabayaang
ng dapat magturong tamad na magulang. (S203)

D. Iugnay ang mga sitwasyon sa mga saknong. Isulat ang mga letra lamang ng iyong mga sagot.

Mga saknong:

- (1) “Ang lahat ng ito’y kay amang talastas,
kaya nga ang luha ni ina’y hinamak,
at ipinadala ako sa Atenas,
bulag na isip ko’y nang doon mamulat.(S204)
- (2) “Pagkabata ko na’y walang inadhika
kundi paglilingkod sa iyo’t kalinga,
di makailan kang babal-ing masira,
ang mga kamay ko’y siyang tumimawa. (S117)
- (3) “At alin ang hirap na di ikakapit
sa iyo ng Konde Adolfong malupit?
ikaw ang salamin sa reyno ng bait,
pagbubuntuhan ka ng malaking galit. (S88)
- (4) “Walang ikalawang ama ka sa lupa,
sa anak na kandong ng pag-aaruga,
ang munting hapis kong sumungaw sa mukha
sa habag mo’y agad nanalong ang luha.(S96)
- (5) “Ang laki sa layaw karaniwa’y hubad
sa bait at muni’t sa hatol ay salat;
masaklap na bunga ng maling paglingap,
habag ng magulang sa irog na anak. (S202)

Mga sitwasyon:

- (a) Para kay Arlene, walang makakapantay sa pag-aalaga sa kanya ang kanyang ama. Kapag nalulungkot siya, nalulungkot din ito.
- (b) Isang napakabait na estudyante si Rey. Ngunit maraming naiinggit sa kanya kaya siya pa ang laging pinagbubuntunan ng panunukso at pang-aapi ng mga kaklase.
- (c) Tiniis ng mga magulang ni Vir na mapalayo ang kanilang anak. Ipinadala nila ito sa Maynila dahil hindi naroon ang mga kagamitang kailangan nito sa pagpapakadalubhasa.
- (d) Mabuting kaibigan si Ram. Lahat ng mabuti ang gusto niya para sa mga kabarkada. Kaya, ang laki ng pagkabigla niya nang malamang kapag nakatalikod pala siya ay pinagpaplanuhan siya ng masama ng mga kaibigan.
- (e) Nilimot na si Lloyd ng girlfriend niya at lumipat na ito ng paaralan. Ngunit patuloy niya itong minamahal. Pangako niya’y mamahalin niya ito hanggang kamatayan.

(f) Spoiled si Brad sa mga magulang. Hindi siya tinuruang mag-isip at magpasya para sa sarili. Dahil sa labis na pagpapasunod sa kanya, naging palaasa siya sa mga magulang kahit sa pinakasimpleng bagay lamang.

E. Pumili lamang ng 5 pangungusap upang makagawa ng lagom ng mga pangyayari sa *Florante at Laura*. Mga bilang ng pangungusap lamang ang isusulat mo sa sagutang papel.

1. Dumating sa gubat ang isang gererong Moro na bayani ang tikas.
2. May turbante siya at makikita sa pananamit na taga-Persiya.
3. May hawak siyang pika at adarga.
4. Tumanaw-tanaw siya sa paligid bago pinagdaop ang mga palad.
5. Nakarinig siya ng buntunghininga kaya hinanap niya ang pinanggalingan nito.
6. Dalawang leon ang nakita niyang handang silain ang isang baguntaong nakagapos.
7. Naakay ng gutom at gawang manila ang dalawang leon.
8. Pinapangalisag ng mga ito ang balahibo at pinanindig ang mga buntot.
7. Ang baguntaong nakagapos ay may makinis na kutis at kulay-gintong buhok.
8. Nailigtas ng gerero ang baguntao nang mapatay ng una ang dalawang leon.
9. Parang si Marte ang gerero nang usigin ng taga ang dalawang leon.
10. Pinatid ng gerero ang lubid na nakagapos sa baguntao.
11. Nawalan ng malay ang baguntao at nang magmulat ng mata ay nabigla nang makilalang Moro ang tumulong sa kanya.
12. May dugong bumubukal sa bisig ng baguntao kung saan nakagapos ang lubid.

Mahal kong estudyante, kung nakakuha ka ng 44 pataas, maligayang bati! Maaari ka nang magpatuloy sa susund na modyul.